# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 23, 2024, LUNES, IKA-03:30 NG HAPON, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . . . | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | . . . . . | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | . . . . . | Kagawad – nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | . . . . . | Kagawad – legal reason |

RECORDED 21 JAN 2025

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 012125 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 558-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 129-T2024/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 06-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY UKOL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY BUBUKAL.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Bubukal para sa taong 2025 na paglalaanan ng 20 Bahagdang Kabahagi ng Rentas-Internas;

**SAPAGKAT,** ang mga ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na ito ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang Annual Investment Plan ng Barangay Bubukal.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 129-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2024 ng Sangguniang Barangay ukol sa Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Bubukal.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 23, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

1-20-25
**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

012025 061